# MGA BALANGKAS NG PAGPAPAKRISTAL NA PAG-AARAL
# UNA AT IKALAWANG SAMUEL

## MGA SUSING PANGUNGUSAP

Sa 1 at 2 Samuel ay makikita natin na ang Tres-unong Diyos kasama ang Kanyang pagsasakatawan at pagtutubos ay lubusang may kinalalaman sa pagsisilang kina Samuel at David upang ang kaharian ng Diyos ay maipasok; napakahalagang makita natin na ang Tres-unong Diyos ay may kinalalaman sa atin ngayon, gumagawa sa atin upang isagawa ang Kanyang kalooban, tuparin ang Kanyang layunin, at isakatuparan ang nais ng Kanyang puso.

Walang ibang daan upang maabot ang mataas na rurok ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos, ang realidad ng Katawan ni Kristo, maliban sa panalangin; ang ating pagiging mga mandaraig bilang ang realidad ng Katawan ni Kristo upang maging ang kasintahang babae ni Kristo ang magsasara ng kapanahunang ito, ang kapanahunan ng ekklesia, at magpapabalik kay Kristo bilang ang Hari ng kaluwalhatian upang kunin, angkinin, at mamuno sa lupang ito kasama ang Kanyang mga mandaraig sa kapanahunan ng kaharian.

Sa pamamagitan ng Kanyang pagkakatawang tao, pagkapako sa krus, at pagkabuhay na muli, si Kristo, na Anak na ng Diyos, ay naging ang Anak ng Diyos sa isang bagong daan—ang panganay na Anak—itinalaga bilang ang Anak ng Diyos na may pagkatao; sa Roma 1:3-4 si Kristo, ang Anak ng Diyos, ay ang tularan, samantalang sa 8:29 ang maraming kapatid ay yaong mga "pinarami" mula sa tularan at, sa pagiging nililigtas sa buhay, maiwawangis sa larawan ng panganay na Anak.

Ang ekonomiya ng Diyos ay ang isagawa ang Kanyang sarili sa atin upang maranasan natin ang isang metabolikong proseso ng espirituwal na pagtunaw at pag-asimila na nagbubunga ng transpormasyon bilang isang dahan-dahan at intrinsikong metabolikong pagbabago sa ating natural na buhay kasama ang dibinong buhuay; ito ay para sa pagtatayo ng Katawan ni Kristo upang pasukdulin ang Bagong Herusalem.

*© 2021 Living Stream Ministry*

Mensahe Isa

## Ang Sentrong Kaisipan at ang Dibinong Trinidad na Inihayag sa 1 at 2 Samuel

Babasahin sa Kasulatan: 1 Sam. 1:3, 7, 10-11, 19-24; 2:11, 35; 3:9-11, 21; 7:3-6; 8:4-22; 16:1-3, 13; 2 Sam. 23:1-3; 24:25

**I. Ang sentrong kaisipan ng 1 at 2 Samuel ay yaong ang katuparan ng ekonomiya ng Diyos ay nangangailangan ng pakikipagtulungan ng tao—ang prinsipyo ng pagkakatawang tao:**

A. Ang prinsipyo ng pagkakatawang tao ay yaong ang Diyos ay pumapasok sa tao at inihahalo ang Kanyang sarili sa tao upang gawin ang tao na kaisa ng Kanyang sarili; sa gayon, ang Diyos ay nasa loob ng tao at ang tao ay nasa loob ng Diyos, nagtataglay ng isang buhay at isang pamumuhay—Juan 15:4-5; Gal. 2:20.

B. Kailangan nating makintalan nang malalim ng katotohanan na ang katuparan ng ekonomiya ng Diyos ay nangangailangan ng ating pakikipagtulungan; ang makipagtulungan sa Diyos ay nangangahulugang maigapos kasama ng Diyos—1 Cor. 6:17; Juan 15:4-5; 2 Cor. 6:1; 1 Cor. 3:9; 16:10, 16.

C. Sa 1 at 2 Samuel ang pakikipagtulungan sa Diyos ay inilalarawan ng kasaysayan ng ina ni Samuel na si Hanna, ni Samuel, at ni David, sa positibong pakahulugan, at ng kasaysayan nina Eli at Saul, sa negatibong pakahulugan.

D. Ang pakikipagtulungan sa Diyos sa pamamagitan ng prinsipyo ng pagkakatawang tao ay may kaugnayan sa personal na pagtatamasa sa mabuting lupain na sumasagisag sa nagpapaloob ng lahat at sumasaklaw sa lahat na Kristo—Deut. 8:7-10:

1. Ang 1 at 2 Samuel, bilang pagpapatuloy ng Josue, Hukom, at Ruth, ay nagbibigay ng mga detalye hinggil sa pagtatamasa sa mabuting lupain na ibinigay ng Diyos.
2. Ipinapakita sa atin ng mga sagisag sa 1 at 2 Samuel kung paanong maaari at dapat tamasahin ng mga Bagong Tipang mananampalataya si Kristo bilang kanilang bahaging inilaan ng Diyos para sa pagtatatag ng kaharian ng Diyos, na siyang ekklesia—Col. 1:12; Mat. 16:18-19; Roma 14:17:
   a. Sa 1 at 2 Samuel ang mabuting lupain na tinamasa ng mga nakipagtulungan sa Diyos ay naging ang kaharian ng Diyos.
   b. Sa ating pakikipagtulungan sa Diyos kailangan nating tamasahin si Kristo hanggang sa ang ating pagtatamasa kay Kristo ay nagiging ang kaharian ng Diyos, kung saan tayo ay naghahari sa buhay kasama ni Kristo—Roma 5:17; 14:17.

**II. Kailangan nating makita ang Dibinong Trinidad kung paanong inihayag ito sa 1 at 2 Samuel:**

A. Ang layunin ng Diyos para sa Kanyang piniling bayan ay hindi lamang upang talunin ang mga kaaway at lubusang angkinin ang mabuting lupain bagkus upang kanilang itatag ang kaharian sa lupain:

1. Upang matupad ng Diyos ang Kanyang intensyon na magkaroon ng kahayagan, kailangan Niyang magkaroon ng isang kaharian, isang kinasasaklawan kung saan Siya ay naihahayag—1 Sam. 10:25; Mat. 6:10; Luc. 1:33.
2. Ang mga anak ni Israel ay inilabas mula sa Ehipto at dumaan sa ilang, kung saan kanilang itinayo ang tabernakulo para sa Diyos; pagkatapos ay pumasok sila sa

mabuting lupain, at bawa't lipi ay binigyan ng isang bahagi ng mabuting lupain upang ang Diyos ay magkaroon ng isang kaharian sa lupa—Jos. 13:1—22:34.

3. Ang 1 at 2 Samuel ay mahalaga para sa pagpapasok ng kaharian—1 Sam. 8:4-22; 10:25; 13:14; 15:28; 16:1-3, 13.

B. Dahil sa kaawa-awang sitwasyon sa aklat ng mga Hukom, may mahigpit at matinding pangangailangan para sa isang katulad ni Samuel—1 Sam. 2:35; 3:21:
   1. Si Samuel ay isang Nazareo, isang saserdote, isang propeta, at isang hukom; pinagingkuwalipikado ng apat na katayuang ito si Samuel na maging ang isa na makapagpapasok ng hari at makapagtatatag ng kaharian.
   2. Para kay Samuel na maging isang saserdote, isang propeta, at isang hukom ay hindi ang gol ng Diyos; ang intensyon ng Diyos ay ang magtatag ng isang kaharian kasama ang isang hari—8:7; 13:14.

C. Inihahayag ng 1 at 2 Samuel na ang pagpapasok ng isang hari at ang pagtatatag ng kaharian ay nakasalalay sa pagkakaroon ng kinalaman ng Dibinong Trinidad sa Kanyang bayan:
   1. Upang maibangon ang isang gaya ni Samuel at maisagawa ang kanyang gawain, may pangangailangan para sa Dibinong Trinidad—1 Sam. 1:10-11, 20; 10:1, 6; 16:1-3.
   2. Sa kadahilanang ito, sa 1 at 2 Samuel ay may isang detalyado, pinong pahayag tungkol sa Dibinong Trinidad; ang mahalagang punto sa kasaysayang nakatalâ sa 1 at 2 Samuel ay yaong may pangangailangan para sa Dibinong Trinidad—2 Sam. 22:1-3; 23:1-3; 24:25.

D. Ang Dibinong Trinidad at ang soberanong kamay ng Panginoon ay inihayag sa 1 Samuel 1:
   1. Sa gitna ng kaguluhan ng napababang Israel, sina Elcana at Hanna ay nanatili sa daan ng buhay na itinalaga ng Diyos para sa Kanyang walang hanggang layunin—bb. 1-5, 10-11, 20, 24.
   2. Taon-taon, si Elcana kasama ang kanyang sambahayan ay nagtungo sa bahay ng Diyos, ang tabernakulo, na nasa Silo sa panahong iyon, upang sumamba at maghandog kay Jehovah—bb. 3, 21-24:
      a. Sa mga bersikulo 3-7, 10-11, 20, at 24 ang mga hain ay sumasagisag kay Kristo bilang lahat ng mga hain; ang mga toro, harina, at alak ay sumasagisag kay Kristo na ating nararanasan at dinadala sa bahay ng Diyos upang ihandog sa Kanya.
      b. Si Jehovah ay ang dakilang Ako nga, at ang bahay ni Jehovah ay si Kristo bilang pagsasakatawan ng Diyos upang maging pinananahanang lugar ng Diyos sa gitna ng Kanyang bayan—bb. 10-11.
      c. Pangunahing ipinapakita sa atin ng seksyong ito ang bahay ng Diyos bilang pagsasakatawan ng Tres-unong Diyos at ang mga hain bilang paraan upang tayo ay makapasok tungo sa pagsasakatawan ng Diyos, yaon ay, ang pagtutubos; samakatwid, sa mga bersikulong ito ay makikita natin ang pagsasakatawan ng Diyos at ang ganap na pagtutubos ng Diyos—cf. Juan 1:14, 29; Luc. 1:68; 2:38; Efe. 1:7.
   3. Dahil isinara ni Jehovah ang sinapupunan ni Hanna, siya ay napilitang manalangin ng isang desperado, inialay, at nag-aalay na panalangin; soberano at palihim na

naganyakan ng Diyos, siya ay nanalangin para sa isang lalaking bata na magiging lubusan para sa Panginoon—1 Sam. 1:5, 10-12, 15.

E. Sa 1 at 2 Samuel ay makikita natin na ang Tres-unong Diyos kalakip ang Kanyang pagsasakatawan at pagtutubos ay lubusang may kinalaman sa pagbubunga kina Samuel at David upang ang kaharian ng Diyos ay maipasok:
   1. Ang Dibinong Trinidad ay inihayag sa pagpapahid kay David upang maging hari—1 Sam. 16:1-3, 13:
      a. Sa mga bersikulong ito ay makikita natin ang Tres-unong Diyos bilang si Jehovah at ang Espiritu ng Tres-unong Diyos bilang Espiritu ni Jehovah—b. 13.
      b. Ang langis ay sumasagisag sa Espiritu ng Diyos, at ang inihandog na dumalagang baka ay sumasagisag kay Kristo bilang handog; kaya, ang Dibinong Trinidad ay may kinalaman sa pagpapahid kay David, ginagawa siyang hari ng Israel—Aw. 89:20.
   2. Sa mga salita ng awit ni David kay Jehovah sa 2 Samuel 22:1-3 ay binabanggit si Jehovah bilang kanyang bangin, tanggulan, Tagapagligtas, malaking bato, at kalasag at sungay ng kaligtasan; sa bersikulo 47 ay idineklara ni David, "Si Jehovah ay buháy; at ang aking malaking bato'y papurihan, / At dakilain ang Diyos, ang malaking bato ng aking kaligtasan."
   3. Sa 2 Samuel 23:1-3—ang mga huling salita ni David—ang Espiritu ni Jehovah ay nagsalita sa pamamagitan niya, at ang Malaking Bato ng Israel ay nagsalita sa kanya—bb. 2-3:
      a. Sa mga bersikulong ito, ang Malaking Bato ay si Kristo bilang batayan upang biyayaan ng Diyos ang Kanyang bayan.
      b. Ang Espiritu ni Jehovah ay ang Espiritu ng Tres-unong Diyos—1 Sam. 10:6; 16:13.
      c. Sa mga bersikulong ito ang *Diyos* sa Hebreo ay *Elohim,* ipinahihiwatig ang Tres-unong Diyos.
   4. Sa 2 Samuel 24:25 ang mga handog na susunugin ay sumasagisag kay Kristo para sa kasiyahan ng Diyos, at ang mga handog ng kapayapaan ay sumasagisag kay Kristo para sa kapayapaan sa pagitan ng Diyos at ng Kanyang bayan.

**III. Ang ating kasalukuyang sitwasyon at ang pangangailangan ng Diyos ngayon ay pareho sa prinsipyo ng sitwasyon at pangangailangan sa panahon ni Samuel—1 Sam. 8:4-22:**

A. May mahigpit na pangangailangan para sa ilan na manalangin ng mga nananaig na panalangin para sa gol ng Diyos, gaya ng ginawa ni Hanna, at para sa ilang kwalipikado na maging tulad ni Samuel—isang Nazareo, isang saserdote, isang propeta, at ang huling hukom—na ginamit ng Diyos upang tapusin ang litóng sitwasyon sa gitna ng bayan ng Diyos at ipasok ang hari at ang kaharian—2:35:
   1. Upang tayo ay makapanalangin nang tinutugunan ang pangangailangan ng Diyos ngayon, kailangan natin si Kristo bilang pagsasakatawan ng Tres-unong Diyos at realidad ng lahat ng handog, at kailangan natin ang katuparan ng Tolda ng Pagpupulong, na siyang ekklesia bilang ang pinananahanang lugar ng Diyos—Col. 2:9-10; Efe. 2:21-22; Heb. 8:1-2; 10:8-10.
   2. Sa isang pakahulugan, si Kristo na ating Hari ay wala pa rito, at tayo ay nasa litóng sitwasyon pa rin, gaya ng kapanahunan ng mga hukom—Huk. 21:25.

3. Ang katuparan ng kaharian ng Diyos ay ang pagdating ng kaharian, na ipapasok ng Panginoong Hesus, subalit may pangangailangan para sa ilan na tulad ni Samuel na makipagtulungan sa Dibinong Trinidad sa pamamagitan ng pagpapasok ng kaharian—Mat. 6:33; 1 Cor. 6:17; 16:10; 2 Cor. 6:1.
4. Kailangan nating matanto kung gaano kalaki ang pangangailangan para sa Dibinong Trinidad upang makapanalangin ng mga nananaig na panalangin at upang maipasok ang kaharian—Mat. 6:10, 13; Apoc. 1:4-7; 8:3-5.

B. Ang Tres-unong Diyos, kalakip ang Kanyang pagsasakatawan, ang Kanyang pagtutubos, at ang Kanyang Espiritu, ay binubuuan tayo tungo sa pagiging mga kagamit-gamit na tao para sa Kanyang pagdating at sa Kanyang kaharian—2 Cor. 13:14.

C. Napakahalaga na makita natin na ang Tres-unong Diyos ay may kinalaman sa atin ngayon, gumagawa sa loob natin upang isakatuparan ang Kanyang kalooban, tuparin ang Kanyang layunin, at bigyang-kasiyahan ang naisin ng Kanyang puso—Fil. 2:13; Heb. 13:21; Efe. 1:5, 9, 11; 5:17; Col. 1:9; Roma. 12:2; Rev. 4:11:

1. Kung makikita natin ang pangitaing ito, lubusan nitong babaguhin ang ating konsepto hinggil sa kung ano ang kahulugan ng pagiging isang Kristiyano—Gawa 26:19; Roma. 12:7-8; 2 Cor. 5:14-15; Efe. 3:16-17.
2. Ang ating natural, relihiyoso, makakultura, moral, at etikal na mga konsepto hinggil sa Kristiyanong buhay ay kailangang mahalinhan ng isang pangitain patungkol sa lubusang may kinalaman na Tres-unong Diyos—Mat. 28:19; 2 Cor. 13:14; Efe. 4:4-6; Apoc. 1:4-7.

*© 2021 Living Stream Ministry*